Ontario Health
Cancer Care Ontario

# Screening para sa Breast Cancer para sa mga Taong May Edad na 40 hanggang 49

## Ang Dapat Ninyong Malaman

Hinihikayat ng Programa sa Breast Screening ng Ontario ang mga taong may edad na 40 hanggang 49 na magsagawa ng pinag-isipang pasya tungkol sa kung magpapatingin o magpapa-screen para sa breast cancer. Kausapin ang inyong family doctor, inyong nurse practitioner, o navigator ng Health811 tungkol sa:

- personal na panganib ninyo na magkaroon ng breast cancer
- mga potensyal na benepisyo at potensyal na panganib ng screening para sa breast cancer
- kung ano ang pinakamahalaga sa inyo sa pangangalaga ng inyong kalusugan

Ang karamihan sa mga tao sa inyong grupo ng edad na magpapasyang magpa-screen para sa breast cancer ay dapat na sumailalim sa mammogram kada 2 taon.

## Sino ang Makakalahok sa Programa sa Breast Screening ng Ontario?

Kwalipikado para sa screening ang mga kababaihan, Two-Spirit, at trans at non-binary na may edad na 40 hanggang 74 kung sila ay:

- walang sintomas ng breast cancer
- walang personal na kasaysayan ng breast cancer
- hindi pa sumailalim sa mastectomy (operasyon upang alisin ang breast tissue)
- hindi sumailalim sa screening na mammogram sa loob ng nakalipas na 11 buwan
- transfeminine at gumamit ng mga feminizing hormone sa loob ng hindi bababa sa 5 taong magkakasunod

Ligtas at epektibo ring magpa-screen habang buntis. Kung ayaw ninyong magpa-screen habang kayo ay buntis, maaari kayong magsimula ng screening 3 buwan pagkatapos manganak, kahit na nagpapasuso pa kayo.

***Tandaan:*** Makipag-ugnayan sa inyong family doctor o nurse practitioner kung may mapapansin kayo na anumang pagbabago sa inyong mga suso (dibdib), gaya ng bukol o pamumula na hindi nawawala, o mga pagbabago sa inyong utong. Dahil sa mga epekto ng pagbubuntis at pagpapasuso, maaaring hindi magpakita o mapansin ang mga sintomas ng breast cancer, kaya hindi dapat balewalain ang mga ito. Hindi palaging cancer ang dahilan ng mga pagbabago sa suso (dibdib), ngunit dapat matingnan kaagad ang mga ito.

## Pag-unawa sa Inyong Personal na Panganib

Ang mga salik ng panganib sa breast cancer ay mga personal na katangian na nakakaapekto sa posibilidad ninyong magkaroon ng breast cancer. Maaari ninyong malaman ang higit pa tungkol sa inyong mga personal na salik ng panganib sa pamamagitan ng pagkumpleto sa online na questionnaire sa panganib sa breast cancer ng My CancerIQ (mycancerIQ.ca), na umaabot nang humigit-kumulang 15 minuto at mayroon sa English at French.

Isinasaad sa ilang pananaliksik na maaaring magkakaiba ang mga posibilidad ng pagkaroon ng breast cancer o pagkamatay dahil sa breast cancer sa mga taong may magkakaibang lahi at etnisidad. Sa datos mula sa mga Canadian na populasyon, nada-diagnose na may breast cancer at namamatay nang dahil dito sa mas batang


edad ang mga non-White na kababaihan kumpara sa mga White na kababaihan. Gayunpaman, wala pang sapat na pananaliksik upang makagawa ng mga partikular na rekomendasyon sa screening para sa breast cancer batay sa lahi, etnisidad, o Indigeneity. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang aming web page tungkol sa paksa: ontariohealth.ca/breast-cancer-differences.

## Pagpapasya kung Naaangkop para sa Inyo ang Screening

Sa pangkalahatan, ang mga taong may edad na 40 hanggang 49 ay mayroong mas maliit na posibilidad na magkaroon ng breast cancer kaysa sa mga taong may edad na 50 hanggang 74. Ibig sabihin nito, ang mga potensyal na benepisyo at potensyal na panganib ng screening para sa breast cancer ay maaaring naiiba para sa inyo kumpara sa mga taong may edad na 50 hanggang 74. Kung magpapasya kayong hindi magpa-screen sa ngayon, maaari kayong magbago ng isip sa ibang pagkakataon. Sa Programa sa Breast Screening ng Ontario, maaari kayong magsimula ng screening anumang oras mula sa edad na 40 hanggang 74.


Batay sa impormasyon mula sa mga programa sa screening para sa breast cancer sa United States, tinatantyang:

**KUNG 1,000 KABABAIHAN ANG MAGSISIMULA NG SCREENING SA EDAD NA 40**



**779** na kababaihan ang **hindi makakaranas ng anumang seryosong pinsala** mula sa screening para sa breast cancer (asul na dot*)
Hanggang **200 hindi kinakailangang biopsy** ang magagawa sa buong buhay nila (purple na parisukat*)
**12 kaso ng overdiagnosis** ang mangyayari sa buong buhay nila (dilaw na bituin*)
Hanggang **9 na pagkamatay dahil sa breast cancer ang maiiwasan** sa buong buhay nila (berdeng tatsulok*)
**Ang bawat hugis ay kumakatawan sa 1 tao*

**KUNG 1,000 KABABAIHAN ANG MAGSISIMULA NG SCREENING SA EDAD NA 50**



**833** kababaihan ang **hindi makakaranas ng anumang seryosong pinsala** mula sa screening para sa breast cancer (asul na dot*)
Hanggang **150 hindi kinakailangang biopsy** ang magagawa sa buong buhay nila (purple na parisukat*)
**10 kaso ng overdiagnosis** ang mangyayari sa buong buhay nila (dilaw na bituin*)
Hanggang **7 pagkamatay dahil sa breast cancer ang maiiwasan** sa buong buhay nila (berdeng tatsulok*)
**Ang bawat hugis ay kumakatawan sa 1 tao*

Ang grupong nagsimula ng screening sa edad na 40 ay may bahagyang mas maliit na posibilidad na mamatay dahil sa breast cancer kaysa sa grupong nagsimula ng screening sa edad na 50. Gayunpaman, ang grupong nagsimula ng screening sa edad na 40 ay may mas malaki ring posibilidad na makaranas ng mga pinsala mula sa screening, gaya ng mga false-positive na resulta (mga resultang abnormal, kahit na walang cancer), mga hindi kinakailangang biopsy (mga sample ng tissue), at overdiagnosis (pagtukoy at paggamot sa cancer na hindi makakapinsala sa buong buhay ng isang tao). Dahil mula sa United States ang impormasyong ito, maaaring hindi ito naaangkop sa mga Canadian dahil sa mga pagkakaiba sa ating mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

## Paano Magpa-appointment para sa Screening

Maaari kayong magpa-appointment para sa mammogram sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isang lokasyon ng Programa sa Breast Screening ng Ontario. Hindi ninyo kailangan ng referral, o utos, mula sa inyong doktor o nurse practitioner upang makapagpa-screen.

Upang maghanap ng mga lokasyon, impormasyon sa accessibility, mga oras ng trabaho, mga tagal ng paghihintay, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan, bisitahin ang site ng Ontario Health Wait Times sa ontariohealth.ca/breastscreeninglocations o tumawag sa 1-800-668-9304 upang maikonekta sa isang lokasyon ng Programa sa Breast Screening ng Ontario.

Kailangan ang impormasyong ito sa accessible na format? 1-877-280-8538, TTY 1-800-855-0511, **info@ontariohealth.ca**.